

Update sa COVID-19 – ika-5 ng Agosto 2020

ANONG BAGO?

PAGSUSURI SA KEMH

Dalawang libo dalawang daan at limampu't anim (2,256) na pagsusuri na ang naproseso, ng walang positibong resulta na natanggap ng lamapas na isang daan (100) na araw.

PANGHULING PAALALA: SURVEY SA PAGTUGON SA COVID-19

Nais ipaalala sa publiko ng Gobyerno ng Falkland Islands na kumpletuhin ang nagpapatuloy na survey para makuha ang mga pananaw ng buong komunidad para siyasin kung paano ang COVID-19 at ang pagtugon sa isang potensyal na epidemya ay naka apekto sa pang araw-araw na pamumuhay ng mga tao.

Layunin ng survey na ito na makakuha ng statistical data, gayunpaman, kung ikaw ay may mga komento na nais mong ibahagi, maaaring mag email sa pa.desis@sec.gov.fk.

Ang lahat ng resulta nito ay makakatulong sa amin na:

- Maintindihan ang mga malaking epekto ng COVID-19 at kung sino ang nakaranas nito
- Para masolusyunan ang mga problema na iyong naranasan bilang resulta ng mga aksyon ng Gobyerno
- Mapabuti ang aming mga naisagawa na kung ang panganib ng COVID-19 ay tumaas sa loob ng Falkland Islands

Ang mga tanong sa survey ay makukuha hanggang sa Biyernes, ika-7 ng Agosto sa:

- Online o para ma-download sa www.fig.gov.fk/covid-19/survey
- Mga nakalimbag na kopya sa Post Office, sa KEMH, sa West Store, sa Chandlery, sa Leisure Centre, at sa Community Library

Huwag kalimutan na kung na-download o nakolekta mo ang kopya ng survey, na ibalik to sa kahit saang kahon na matatagpuan sa lokasyon na nabanggit sa itaas.

Makipag ugnayan sa amin kung nais mong makakuha ng kopya ng survey na nakasalin sa Espanyol, Filipino, o Shona.

POLISIYA SA QUARANTINE AT MGA BISITA – MGA IMPLIKASYON SA TURISMO

Noong Martes, ika-4 ng Agosto, isinangalang-alang ng Executive Council (Contingency) ang isang papel na may kinalaman sa mga kasalukuyang Polisiya sa Quarantine at mga Bisita at ang mga implikasyon nito sa turismo.

May mga ilang mga salik na kailangang isaalang-alang. Hinulaan ng mga binuong eksena ng UN World Tourism Organisation ang pagbaba ng mga pagdating ng mga turista sa buong mundo sa panahon ng 2020 ng hanggang sa walumpung(80) porsyento. Sa buong

mundo, lumalala ang pandemya ng coronavirus. Ang mga hangganan o borders, partikular na sa Timog Amerika, ay nananatiling nakasara at ang mga koneksyong pandaigdigang ay higit na nabawasan. Dahil sa mga bagay na ito, ang FIG ay patuloy na nakikipagtulungan sa mga indutriya sa lokal at sa pandaigdigang, kasama ang FITB at ang FITA para ikunsidera ang mga implikasyon nito sa sektor ng turismo at para makagawa ng mga pagpapagaan ng mga hakbang para suportahan ang mga naapektuhan sa paparating na panahon ng turismo, at mailagay sa tamang lugar ang sektor sa hinaharap.

Ang isa sa mga isyu na inilabas ng industriya ay ang pag-asam sa kalinawan, partikular na sa mga paghihigpit sa mga regulasyon sa quarantine at mga bibisita, para makapagpatuloy ang mga tour operators at ang industriya ng hospitality na makapag-handa ng maayos. Bilang pagkunsidera dito, at sa kadahilanang ang pandaigdigang pandemya ay hindi pa rin kontrolado, inaprubahan ng Executive Council ang mga sumusunod na rekomendasyon:

- Na ang mga paghihigpit sa pagbibigay ng mga visitor permits ay mananatiling nakalagay sa lugar hanggang sa ika-31 ng Disyembre 2020, ngunit ang mga paghihigpit na ito ay sasailalim sa buwanang pagsusuri.
- Na ang kasalukuyang mga pangangailangan sa quarantine ay magpapatuloy hanggang sa ika-31 ng Disyembre 2020, gayunpaman, ito ay patuloy na susuriin kada apatnapu't dalawang (42) araw na nakahanay sa mga pangangailangan ng Infectious Diseases Control (Coronavirus, Quarantine) Regulations 2020.

Ikukunsidera ng Executive Council sa Oktubre kung ang isa o parehong mga paghihigpit ay magpapatuloy ng lampas sa ika-31 ng Disyembre 2020.

Ang pagkilala sa mga epekto ng mga hakbang naito at ng pandaigdigang pagbabawas ng koneksyon sa turismo, ay may kasamang direktang hakbang ng mga suporta sa industriya, sa ilalim ng mga pagsulong sa *key areas* ng trabaho, ang mga insentibo para hikayatin ang domestikong turismo sa paparating na panahon ng turismo at sa pamumuhunan sa imprastraktura para mapabuti ang karanasan ng mga bisita sa hinaharap.

Sinabi ni MLA Mark Pollard na:

“Ang indutriya ng turismo sa buong mundo ay higit na naapektuhan ng pandemya ng coronavirus, at karamihan sa mga isyu na kinakaharap ay hindi ma-kontrol. Ang pandaigdigang hinaharap sa susunod na panahon ng turismo ay hindi malinaw – pwera na lang kung may malaking pagbabago na magaganap, na maaaring hindi mangyari, at inaasahan na ang susunod na panahon ng turista sa Falkland Islands ay maaaring hindi makaasa sa mga bisita sa ibang bansa. May mga epekto na maaaring matugunan ng FIG, at malaking trabaho ang maaaring isagawa upang mabuo ang mga support schemes, mga pautang at mga *grants* para matulungan ang industriya, at patuloy na naghahanap ng mga paraan para mahikayat ang domestikong turismo sa susunod na panahon ng

turismo. Sa bagay na ito, tayo ay maaaring magtulungan, at sana an gang ating komunidad ay makakuha ng oportunidad na makapag-enjoy ng lokal na bakasyon ngayong tag-araw. Alam ko na ang mga umaasa sa turismo ay nababahal; at ang mga espesipikong tulong suporta o *support packages* ay bubuuin na may konsiderasyon ng ExCo, sa mga susunod na dalawang linggo, at ang mas espesipikong mga impormasyon sa mga hakbang na aming binubuo ay ilalabas sa lalong madaling panahon.”

UPDATE SA LATAM

Kinumpirma ng LATAM na ang rutang Punta Arenas-Santiago ay mananatiling suspendido hanggang sa ika-7 ng Nobyembre 2020, at ang mga kalagayan ay susuriin malapit sa petsang nabanggit.

Katulad ng inanunsyo noong ika-23 ng Hulyo 2020, ang sinuspindeng ruta na Sao Paolo ay mananatili hanggang sa katapusan ng Setyembre 2020, at ang mga kalagayan ay susuriin malapit sa katapusan ng panahon na iyon.

Mahalaga ang mga commercial flights sa kinabukasan ng ekonomiya ng Falkland Islands at sa kalidad ng ating pamumuhay.

Patuloy na regular na binabantayan at sinusuri ng FIG ang sitwasyon ng LATAM at ang mga karagdagang mga updates ay ibibigay sa tamang panahon.

PAGPAPALAWIG NG MGA EKONOMIKONG SUPPORT SCHEMES NA MAY KINALAMAN SA COVID

Noong Miyerkules, ika-29 ng Hulyo, inaprubahan ng ExCo ang pagpapalawak ng mga *employment / self-employment, job retention, subsidiya sa pagkawala ng trabaho at direct grant schemes* na una nang ipinakilala bilang pagtugon sa pandemya ng COVID-19, at ang mga ito ay kasalukuyang mahusay na naipapatupad at isinasagawa ng Treasury at ng FIDC. Ang mga schemes na ito ay nakatakdang magtapos sa ika-31 ng Hulyo, at ngayon ay patatagalin pa hanggang ika-30 ng Setyembre. Ang karagdagang pagsusuri sa tagal ng mga schemes na ito ay magaganap ng hindi aabot sa ika-23 ng Setyembre.

Ang mga schemes na ito ay pinalawak o pinatagal pa upang masuportahan ang ibang *economic sectors* na patuloy na nakakaranas ng mga epekto ng pandemya. Bilang pagdaragdag, ang pagpapatagal nito ay makakasupporta sa pangangailangan sa mga schemes na kung saang ang KEMH ay nag uutos sa mga sintomatikong indibidwal at kanilang mga sambahayan na mag isolate.

Patuloy ang suporta ng FIG sa mga claims para sa mga indibidwal na nasa isolation, kung masunod ang mga ito:

- Nasusunod ng indibidwal ang lahat ng mga mahahalagang patnubay ng scheme.

- Nakumpirma sa KEMH na ang indibidwal ay inutusan na mag isolate at ang panahon ng kanilang isolation.

Ang unang napagkasunduan sa pagbabawas ng singil sa kuryente at ang tatlong buwan na *waiver* ng mga service charge ay nagtatapos na, tulad na unang inanunsyo , pakatapos ng ika-31 ng Hulyo 2020.

Patuloy na nagbibigay ng konsiderasyon sa mga ibang espesipikong mga hakbang na nakatuon sa mga sektor na labis na naghirap dahil sa mga mas matagal na epekto, kasama na ang sektor ng turismo.

SUSUNOD NA UPDATE

Dahil sa ang mga MLA ay mamamahinga at sa mga ibang personal na *commitments* ngayong Agosto, wala munang mga update sa COVID-19 ang ilalabas sa panahon na ito. Magbibigay lamang kami ng mga update sa publiko kung mayroong importanteng impormasyon tungkol sa COVID-19.

Ang susunod na update ay nakatak dang ilabas sa Miyerkules, ika-2 ng Setyembre 2020. Ang ating web page, www.fig.gov.fk/covid-19 ay maraming mapagkukunan ng mga patnubay at impormasyon. Gayunpaman, kung ikaw ay may katanungan o pag-aalala sa mga panahon na ito, makipagugnayan sa Communications Office sa numerong 27400 o sa prassistant@sec.gov.fk.